



# Edukasyon ng Iyong Anak

## Isang gabay ng magulang sa sistema ng paaralan ng Ontario

Ang iyong boses ay mahalaga sa pag-aaral ng iyong anak at makakagawa ng lahat ng pagkakaiba sa kanilang tagumpay na pang-akademiko at personal. Kapag ang mga magulang ay gumaganap ng aktibong papel sa edukasyon ng kanilang anak, ang mga estudyante ay nahihimok na magkamit ng kanilang buong potensiyal.

Nakalaan ang Ontario na itaas ang pananagutan at kalinawan para sa mga magulang at pamilya. **Narito ang mga paraan upang aktibo kang makalahok sa paglalakbay na pang-edukasyon ng iyong anak:**

- Ipasya kung anong uri ng paaralang pinopondohan ng publiko ang dadaluhan nila
- Pumili ng mga opsyon sa pag-aaral, halimbawa, mga programa sa sekundaryang paaralan, halimbawa ay Specialist High Skills Majors (Mga Pagtutuon sa Matataas na Kasanayan ng Espesyalista)
- Subaybayan ang natututuhan ng bata sa paaralan
- Alamin ang tungkol sa mga pangunahing petsa sa taon ng paaralan
- Piliing lumabas sa partikular na pag-aaral
- Alamin kung paano gumaganap ang iyong anak sa paaralan
- Alamin ang tungkol sa mga proseso ng pagsuspende at pagtanggap
- Dumalo sa pulong ng konseho ng paaralan o pulong ng komite sa paglahok ng magulang
- Alamin ang tungkol sa mga espesyal na suporta upang tulungang magtagumpay ang lahat ng bata

Bisitahin ang [ontario.ca/EducationGuide](https://ontario.ca/EducationGuide) para sa karagdagang impormasyon upang makagawa ka ng may-kaalamang mga desisyon tungkol sa edukasyon ng iyong anak.

